Agosto 18, 2025

Para sa: Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID
Puno ng mga Paaralang Sekundarya
Tagamasid Pampurok
At iba pang Kinauukulan

Magalang na ipinababatid na ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo (PHACTO), ay muling magdaraos ng Kompetisyong Bayan **sa Singkaban KBS Rewaynd** na magbibigay -diin sa tatlong natatanging anyo ng sining- **Kundiman** ( tradisyunal na awit ng pag-ibig), **Balagtasan** (makatang pagtatalo), at **Sayaw** ( katutubong sayaw).

Kaugnay nito, hinihikayat ang mga pampublikong sekundaryang paaralan na lumahok sa naturang paligsahan na gaganapin sa Setyembre 11,2025 sa Tanghalan ng Sining at Kultura, Hen. Gregorio H. del Pilar Park (Mini Forest), Antonio S. Bautista Bulacan Provincial Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Ang lahat ng gastusin para sa paglahok ay maaaring kuhanin sa Local School Board (LSB )/ sa local na pondo ng paaralan na sasailalim sa kinagawiang pagtutuos at pag aawdit.

Ang mga karagdagang katanungan ay maaari ninyong tawagan si **Bb. Tryna C. Tenorio,** kawani ng PHACTO,sa telepono, **0997-688-3875 o mag email sa artsculturedivision.bulacan@gmail.com.**

Ang inyong aktibong pakikilahok ay malaking ambag sa matagumpay na selebrasyon ng kultura at sining ng ating lalawigan.

Maraming salamat at mabuhay ang Sining at Kultura ng Bulacan!

**CECILIA E. VALDERAMA, PhD**
Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Nanunuparang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Opisina ng Tagapamanihala ng mga Paaralan

**LIHAM PANSANGAY**
Blg. 76, s. 2025